# Hindi ba ako magpapabatid sa inyo hinggil sa mga maninirahan sa Paraiso? Ang bawat mahinang nagpapakaaba, kung sakaling sumumpa ito kay Allāh, talagang magpapaunlak Siya rito. Hindi ba ako magpapabatid sa inyo hinggil sa mga maninirahan sa Impiyerno? Ang bawat mapang-alitan, na pagkahambug-hambog, na mapagmalaki."}

Ayon kay Ḥārithah bin Wahb Al-Khuzā`īy (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nakarinig ako sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: "Hindi ba ako magpapabatid sa inyo hinggil sa mga maninirahan sa Paraiso? Ang bawat mahinang nagpapakaaba, kung sakaling sumumpa ito kay Allāh, talagang magpapaunlak Siya rito. Hindi ba ako magpapabatid sa inyo hinggil sa mga maninirahan sa Impiyerno? Ang bawat mapang-alitan, na pagkahambug-hambog, na mapagmalaki."}
[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) hinggil sa ilan sa mga katangian ng mga maninirahan sa Paraiso at mga maninirahan sa Impiyerno. Ang karamihan sa mga maninirahan sa Paraiso ay "ang bawat mahinang nagpapakahamak" – ibig sabihin: nagpapakumbaba na nagpapasailalim kay Allāh (napakataas Siya) – na nag-aaba ng sarili niya para kay Allāh hanggang sa tunay na ang ilan sa mga tao ay nagmamahina sa kanya at nagmamaliit sa kanya. Ang nagpapakaabang ito kay Allāh (napakataas Siya), kung sakaling sumumpa ito kay Allāh ng isang pagsumpa dala ng paghahangad sa kagalantehan ni Allāh (napakataas Siya), talagang magpapaunlak dito si Allāh, magsasakatotohanan Siya para rito ng sinumpaan nito, at tutugon Siya sa hiling nito at panalangin nito. Ang karamihan sa mga maninirahan sa Impiyerno ay ang bawat "mapang-alitan" – ang mabagsik na magaspang, na matindi ang pakikipag-alitan o ang mahalay na hindi naaakay sa isang kabutihan – na "pagkahambug-hambog" – ang nagpapakamalaking palakain na may dambuhalang katawan, na mayabang sa paglalakad niya, na masagwa ang kaasalan – na "mapagmalaki" dahil sa pagtanggi niya sa katotohanan at pagmamaliit niya sa iba pa sa kanya.

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY

لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC
E-Da'wah Committee